# PANDEMYA

Romulo P. Baquiran Jr.

## Si Nanay

Bertdey ni Nanay bukas pero hindi na siya puwedeng lumabas. Hanggang ngayon na lang ang palugit. Sino naman kasing ageist na administrador ang nagpasimuno ng hanggahang sisenta. Dapat kasi estado ng kalusugan ang batayan at hindi edad. Sasamantalahin ni Nanay na mag-dinner kasama si Gil bago niya maabot ang finish line. Tinawagan na niya ang binata at pumayag na ito. Dance instructor niya iyon. Ayaw niyang magmukmok sa bertdey niya. Ang lungkot. Ewan niya kung bukas ang Barrio Fiesta para mailibre niya ang boyfriend. Kinikilig si Nanay sa pagbanggit niya ng salitang boyfriend. Wala namang nangyayari sa kanila. Ayaw maniwala ng anak niya pero wala talaga. Basta masaya na siya na makasama lang ito. Makausap at maka-holding hands. Galit ang anak niyang babae kay Gil. At sa kanya. Ang tanda na raw niya ang landi pa. Nagpapabola sa lalaki. Alam naman ni Nanay ang sitwasyon pero para saan pa ang nalalabi niyang taon sa buhay kung walang kahit kaunting inosenteng dibersiyon? Inosente my foot sabi ng anak niya. Aba walang pakundangang anak. Ayaw maniwala na sayaw lang talaga ang ginagawa nila sa dance hall ng Quezon Memorial Circle kapag Sabado ng gabi. Bakit hindi na lang kasi daw siya magburda katulad ng karaniwang lola. E sa sahig ko gusto magburda, 'noh. Ano naman? Ng tango at cha-cha. Grammer Nay ha. Hindi naman daw siya karaniwang lola pati. Wala siyang nararamdamang kaibahan sa lagay niya ngayon at sa takbo ng utak niya noong bata-bata siya. Kahit pa matagal na siyang nabalo. Anak porke matanda ay sanay na sa lungkot. O sige na. Masyado kayong madrama. Basta umuwi kayo nang maaga ha. Para ka namang nanay. Nay ganu'n na nga kasi para kang tinedyer. Opo Nanay uuwi ng alas-otso. Matapos ang dinner nila, dinala ni Gil si Nanay sa *Sogo*. Alam naman ng binata ang mga pahiwatig ng kaniyang kliyente. Hindi na nakatanggi si Nanay. Tama ang anak niya. Para siyang tinedyer na ngayon pa lamang nagsisimula ng buhay. Tiyempo namang pandemya. May alaalang babaunin siya sa gitna ng krisis. Eksaktong bago mag-alas-otso ay nakabalik na siya sa bahay. Ilang sandali pa ay simula na ng matagal at gabi-gabing curfew. Pero at least nakangiti siya. Sa buong bertdey niya na inagurasyon ng lockdown.

## Si Tatay

Nagtanggalan ng empleyado noong Pasko ang ahensiyang matagal nang sineserbisyuhan ni Tatay. Pinatikim lang siya ng huling 13th month pay at bonus. Pagkatapos, pinakawalan na siyang parang matandang hayop na wala nang pakinabang. Lungkot na lungkot siya noong Enero sa kakaisip kung paano na niya masusuportahan ang mga apong nasa kasagsagan ng pag-aaral. At siyempre ang sariling ayaw umasa sa mga anak. Hindi naman siya naniniwala sa sabi-sabing dapat gumanti ng suporta ang mga anak kapag matanda na. Nakukurta na utak niya kung paano na. Nang minsang mapadaan siya sa bigasan at maisip na bakit hindi siya mag-ahente nito. Nakakita ng solusyon sa problema si Tatay. Baka maisalba siya ng Angelica, Jasmine, Dinorado, at Sinandomeng. Tinawagan niya ang mga dati niyang kaopisina kung gusto nilang kumuha sa kaniya ng masarap at murang bigas. Ang natitira pa sa bonus niya ang paiikutin niya sa pagba-buy and sell. Magandang produkto ang bigas na hindi nawawala sa pagiging batayang kailangan ng tao. Araw-araw kumakain ng kanin ang lahat. Maraming gustong bumili sa kaniya. Oo nga naman, sa halip na dumayo pa sila sa palengke ay ihahatid pa sa kanila ang nakasakong produkto. Special delivery. Hinihiram niya ang sasakyan ng anak minsan sa isang linggo para sa paghahatid ng bigas. Sa loob lang ng isang buwan, lumaki ang puhunan ni Tatay. Ang dating sampung kaban na naibebenta niya sa isang linggo ay nadoble at natriple pa nga. Natuklasan ni Tatay na ang pagiging magiliw at pakikipagkuwentuhan sa mga kliyente ang isang lihim ng siguradong pagkabenta ng kaniyang bigas. Nakausap niya minsan ang isang kliyenteng presidente ng isang jeepney drivers and operators association at napapayag na bentahan ang mga tsuper ng bigas. May komisyon si presidente. Dedeliberan niya ng bigas ang mga members kapag Lunes at masisingil niya ang bayad pagdating ng Sabado. Ang opisina ng presidente mismo ang nangongolekta. Arawan ang hulog. Ang naipon ang pipikapin naman ni Tatay. Sabay na rin ang bagsak ng mga sako-sakong biyaya. Magandang sistema para sa dalawang panig. Kumbinyente. Masarap ang Angelica kaysa NFA rice. Mas gusto ng pamilya ng mga drayber. Mas mura kung tutuusin kaysa patingi-tinging pagbili sa tindahang sari-sari. Heto na nga, papaakyat na talaga ang negosyo ni Tatay. Libo ang pasok ng pera. Sige lang ang ikot ng puhunan. Nawala na ang depresyong sanhi ng puwersahang pagreretiro. Kaso, biglang umeksena ang COVID. Nang sisingilin na niya ang siklo ng bayad, nagsabi ang asosasyon na patawad muna. Wala silang kita. Wala talaga kahit barya. Dahil nga ibinawal ang pampublikong transportasyon. Tigil ang pasok ng pera. Nakiusap ang

mga kliyente niya na huwag munang singilin ang utang nila. Mas masahol pa ang lungkot ni Tatay ngayon kaysa noong Pasko. Nang dumating ang ayudang bigas ni Meyor Ligaya, lalo lamang bumagsak ang pakiramdam ni Tatay. Bigas, bigas, tatlong kilong bigas ang dumating sa kaniyang masikip na tahanan. Hindi man lang Angelicang kinasanayan niyang mabango at masarap. Ngayong Mahal na Araw, damang-dama ni Tatay ang penitensiya. Nagdidildil ng asin sabay ng puting-puti ring kanin.

## Si Kuya

Wala na talagang maipakain si Kuya sa kaniyang mag-ina. Bawal nang magbukas ang mga sektor ng aliw na katulad niyang male therapist. Sa Macho Spa Kita siya dati. Takot na ang lahat lalo na ang mga kliyente ng masahe. Mga vector ang tingin sa kanila. Mutwal na takot. Hindi nga kasi puwede ang intimate contact ngayon. Sa klase ng trabaho niya, hindi maiiwasan ang balat sa balat, hinga sa hingang pag-uulayaw. Transmisyon ng virus iyan. Iyan ang kalikasan ng masahe. Patay na. Wasak ang kanilang mundo. Matagalang mababakante yata ang kaniyang magic hands ngayong lockdown. Talagang-talaga ito. Nakakapanlumo naman. Wala ring maitutulong ang may-ari dahil commission based sila. At sila nga ang pinagkukunan nito ng kabuhayan. Paano na? Pasalamat na lang sila sa generous na kliyente. May pakimkim na Ninoy Aquino na bumuhay sa kanila. Napapatanga na lang si Kuya kapag iniisip ang lahat. Matutulad na ba sila sa mga jeepney drivers na ibinaba na ang hiya at nagpalimos na sa kalye? Ano kaya ang isusulat nila sa kanilang plakard? “Go soft po ’wag hard sa masahista. Konting tulong.” Kahit home service ayaw ng mga dating kliyente. Nag-iingat ang lahat. Kahit si Mr. Red na regular niya sa lomi-lomi at bumubulong lagi ng “I love you” ay ayaw na muna. Kapag tapos na raw ang pandemya ang balik niya. Paano ba ito. Dalawang taon pa bago bumalik sa normal ang lahat. Nakausap niya ang mga kasamahan sa trabaho. Nagnegosyo na lang ang iba. May ihawan ng manok si Greg, bigasan kay Ren, putuhan kay Jules. Biniro ng mga tao itong huli. Parang di ka naman nagbago ng trabaho. Mga ulol, nagbagong-buhay na nga lolokohin pa ih. Puto. Iyan ang tingin ng ilang kliyente sa kanila. May mga hindi masikmura ang hiling ng mga nagpapamasahe pero hindi maiiwasan ang mga ganyan. Trabaho lang. Kawawa nga ang mga kasamahan niyang iba. Na-lockdown sa massage parlor. Tinitikman pa ng pulis ang mga may itsura. Nang walang bayad. Pinakotong ng may-ari. Tapos wala na silang makain. May

ilang kliyenteng naglakas-loob na pumuslit sa parlor at ang ibinayad sa isa ay ibinibili naman ng bigas at ulam para sa lahat. Nasa bahay lang si Kuya at walang maisip na mapagkakakitaan. Hanggang sa maimbita siya ng abenturosong kasama sa bentahan ng vidjakol. Noong una ayaw niya sana pero paano na ang kanyang mag-ina? Iniisip na lang niya na ginagawa naman niya ito nang mag-isa, bakit hindi papayag sa pangako ng GCash? Mas malaki daw ang bayad kapag estilong scandal ang video. Hindi, hindi siya sasali sa ganoon. Hindi niya kakayahin. Kahit magbebertdey na ang bunsong si Yanna sa isang linggo at wala siyang pambili ng ispageti at keyk.

## Si Ate

Mabili ang fried chicken ni Ate Jhoi sa Kalye Maningning. Pagpatak ng alas-singko, halos kuyugin ang tinda niya. Sa araw-araw, ito ang pinagkakaabalahan niya. Pambuhay sa tatlo niyang maliliit na anak. Pasalamat na rin siyang nilayasan na sila ng palamuning asawa. Bawas pabigat din. Ganyan na ang prinsipyo niya sa buhay. Sunggaban ang mas magaan na mapagpipilian sa kung tutuusin ay parehong mabigat na alok ng buhay. Mapagod o mamatay? Ala-una pa lang ng hapon, bibili na siya ng pinarte-parteng manok sa Commonwealth Market—pakpak, hita, petso. Walong daang pisong puhunang dapat mapanatili at mapalaki sa araw-araw. May suki na siya sa palengke kaya sadsad presyo kada kilo ang bili niya. May diskuwento pa dahil mahigit sa pitong kilo ang kinukuha niya nang regular. Iyan ang atay ng kabuhayan nilang mag-iina. Hindi naman kailangang pasuwelduhin ang panganay niyang si Boy na dose anyos. Oo naman ano. Salamat na lamang at hindi nagmana sa amang batugan. Gusto ng mga tao ang mura at masarap? Mura at masarap ang makukuha nila. Walang panama ang Chicken Joy sa Manok ni Ate Jhoi, PHP80 versus PHP12. Saan ka pa? Agad kasi niyang ibinababad habang dinadasalan ng biyaya ang nabiling manok sa basbas ng toyo, laurel, at kalamansi dalawang oras bago iluto at ilako nang bandang alas-singko sa mataong eskinita. Kaya nanunuot ang linamnam. Kasama ang paggulong-gulong sa arinang may pampalasang asin, pamintang durog, at tinadtad na bawang. Ipiprito iyon sa kumukulong mantika na hindi matatanggihan ng mga kliyenteng tinatamad nang magluto ng ulam at sawa na sa maalat at pare-parehong lasa ng Lucky Me o Nissin instant noodles. Saksi ang isang galong mantika, kusinilya, kawali, colander, at malaking sipit sa naninilaw na liwanag ng bombilya sa gabi-gabing pagsisikap ni Ate

Jhoi mapasakamay lamang ang PHP500 na kita. Pagod na pagod siya pagkaubos ng paninda pagpatak ng alas-otso. Pero may makakain na naman silang mag-iina (hindi fried chicken) at makakapagtabi ng PHP100 para sa pagpapalaki ng puhunan. Pambayad sa upa, tubig, at koryente ang malaking parte. Pero nasira ang daloy ng munting negosyo ni Ate Jhoi nang bumagsak sa eskinita ang pandemya. Mabuti at may kaunting ipon siya. Tumagal din ng isang buwan at nakatulong ang ayuda ng kaniyang tukayang mayora. Pero sa ikalawang buwan, naubos na ang pera niya. Bawal pa ang lumabas pero wala na silang makakaing mag-iina. Naglakas-loob siyang bumalik sa pagbebenta ng pritong manok. Akala niya, okay na. Sa ikatlong gabi ng pagbebenta niya, biglang may dumating na mini truck ng city hall. Pinagdadampot ang lahat ng manininda sa eskinita Maningning. Nakatakbo at nakapagtago ang mga maggugulay, magpuprutas, at ibang mabilis na naitakas ang kanilang mga bilao at latag ng sako. Naiwan at nadurog ang mga gumulong na kamatis at sibuyas. Hindi kakayahin ni Ate Jhoi na pasibarin ang de-gulong niyang puwesto. Pagpapakamatay ang itakbo ang kawali ng kumukulong mantika. Inilagay ng mga unipormado sa sako ang lahat—palanggana ng arina, sandok, manok—naghalo-halo na ang hilaw, luto, at panluto. Saka isinakay sa likod ng trak. Sama-sama ang mga tindero at tindera at kanilang kinumpiskang paninda. Hindi makapagsalita si Ate Jhoi at ni hindi nagawang makiusap sa barangay tanod na huwag sirain ang kabuhayan nila, na huwag batok-batukan si Boy nang awatin nito ang pagdaklot sa mga pritong manok. Sinabi ng lider na mapapatawad ang mga lumalabag sa batas ng pandemya. Nakahinga sa wakas ang lahat. Matutubos daw bukas na bukas din ang nakumpiskang mga kagamitan. Sa halagang siyam na libong piso. Lalong hindi nakakibo si Ate Jhoi.

## Si Awit

Masayang-masaya ang buhay ni Awit sa "Power of Love." Lalo na kapag Sabado ng gabi. Nagkikita sa club ang mga tagapakinig para pakinggan ang cover niya ng mga paboritong ballads. Nagtataka rin siya na paulit-ulit lang naman itong palabas kasama ang bandang The Nostalgia. Walang ipinagkaiba halos ang repertoire at rendisyon ng palabas na ginawa nila noong isang buwan o kahit pa noong isang taon. Puwede na ang panonood lang sa *Youtube* nang iupload ito doon ng isang habitue. Pero sige lang ang pagbalik ng audience. May paisa-isang nawawala pero may grupong makakadiskubre sa act nila at mapapalitan ang nalagas. O

muling lilitaw kapag nawala naman ang ibang medyo naging abala siguro at mas gusto na lang magpahinga kapag Sabado't Linggo. Kaya patag ang bilang ng kostumer ng club. Saktong dami para pagkatapos na masiyahan sa awit ni Awit at mga kabanda ay maglalabas naman ng gilas at sigla sa entablado sa bahagi ng open mike o karaoke. May kakaibang enerhiyang nalilikha ang mga magkakahenerasyon dahil sa pinagsaluhang mga damdamin ng lumang pagsibol ng pagmamahal at mas madalas—pagkabigo. Iyan naman ang karaniwang drama sa *Power*. May kinukudlit na pagsariwa ang bawat pagkanta ni Awit (na sa totoo lamang ay tumutulay sa medyo pagkaplakado at medyo-medyo sariling estilo)—sabi na rin ng mga nakikihalubilong nagkakaedad na rin. Nilalapitan siya ng mga ito pagkatapos ng kaniyang set. Halatang naaakit sa kaniyang may ningning na mata na kapares ng kaniyang may tining na boses. Nakikipaglandian si Awit pero kunwa-kunwa lang. Pagbuo ng dahilan para puntahan ang club at magtuloy ang negosyo. Kabuhayan para sa lahat. Aliw para sa kanilang nalulumbay at napagod sa pagtatrabaho ng isang linggo. Ito na ang dahilan para magpatuloy lamang na mabuhay si Awit. Kahit habang buhay lamang na ganito, magiging masaya siya. Pero nang dumating ang COVID-19, naipamukha sa kaniya ng pagkawala ng entablado, ng pagpatay sa mikropono, ng pag-andap ng mga ilaw ang tila walang kabuluhan niyang pag-iral. Walang nakakarinig ng kaniyang boses. Walang gana sa pagkausap sa kaniya ang asawa. Walang kuwenta ang mahabang bakasyong gawa ng lockdown. Ikamamatay niya ito. Ang pag-awit ng mga kabisadong awit ang nakakapitan niya ng lakas at bumubuhay sa kaniya at sa walang kuwentang asawa. Mabuti na lamang at napanood niya minsan ang mga konsiyerto online. Nagka-ideya siyang magbukas ng Facebook page at magbigay ng palabas online. Puwedeng mag-request ang mga dati niyang fans sa "Power of Love" at boluntaryong mag-GCash donation. Muling pumailanlang ang boses ni Awit. Nagkaroon siya ng panibagong buhay. Sa gitna ng pagkalat ng COVID-19.

## Si Ditse

Hindi na nakapag-asawa si Ditse. Sigurado ang mga kapamilya niya, kasama na ang pamangking si Bert dela Cruz, na dahil iyon sa pagkabigo sa pag-ibig. Nagmahal nang matindi sa seminarista dati ang tiyahin niya. Akala kasi ni Ditse noong una na madadaig ng pagmamahal niya ang pag-ibig ng Diyos. Pero sa huli, pinili ng kinahumalingang binata ang pagsusuot ng sutana. Parang naiwan siyang nahubdan at nailantad

ang puso niyang nakabilibid sa rosaryo. Kahit dumalo siya sa ritwal na pagpapatirapa sa altar ng mga dekanong magiging ganap nang pari, wala na doon ang kaniyang kaluluwa. Nanahimik na lamang siya sa bahay at buhay. Minahal na lamang ang mga kadugo. Nangakong hindi na magbabayubay ng sarili sa krus ng pag-ibig. Pero hindi naman niya itinakwil ang relihiyon. Nagsisimba pa rin at mataimtim sa pagdarasal na itinuro ng mga madre at pari. Bata lamang si Bert nang masaksihan ang danas ni Ditse pero naintindihan niya kung bakit nawalan ng gana sa buhay ang kaniyang tiya. Kasundo naman ng asawa at mga anak ni Bert ang tumandang dalaga. Napamahal na si Ditse sa pamilya. Hindi lamang dahil tumutulong sa pag-aalaga sa maliliit na bata. May kalmadong presensiya si Ditse na nagpapaganda sa disposisyon ng lahat. Kahit nang mabagabag ng pandemya ang pamilya, naging tagasalo siya ng mga pasanin. Sakto lang dati ang badyet sa pangangailangan ng sambahayan. Kayang-kaya ni Bert ang bayad sa upa, koryente, at tubig. Nagkandaletse lang nang mag-ala-krismaslayts ang pagpasok niya sa trabaho dahil sa pagkaunti ng mga kliyenteng bawal lumabas. Isang linggong wala. Isang linggong mayroon. Nawakwak sa kalahati ang pera ng pamilya. Nakapangutang na sila ng makakain sa lahat ng sari-sari sa kanilang kalye. Inaway na sila ng landlord. "Magbalot-balot na kayo, please pagkaubos ng deposit ninyo." Pero hulog ng langit si Ditse. Biglang nabuhay ang galing niya sa pagluluto. Ang misyon: isalba ang kaluluwa ng kaniyang pamilya sa COVID-19. Salamat sa karanasan sa pag-aalaga ng taga-simbahan, nalaman ni Ditse na adik pala sila sa masasarap na pagkain. Kuno-kuno lang ang pag-iwas sa isa sa mga deadly sins: kasibaan. Pero noon, naniwala siyang gourmet ang nobyo niya at mga kasama. Gusto niyang mapalapit sa mga ito kaya inaral niya ang mga gusto nilang kainin. Paano mapapasarap pa ang masarap. Ngayon, akalain bang magagamit ang kaniyang panlangit na abilidad sa pagwawasiwas ng sandok at pagpapasagitsit ng kawali. Nagbukas ng mini-karinderya si Ditse. Mesa lang naman iyon sa tapat ng apartment na bukas tuwing alas-singko hanggang alas-otso ng umaga. Sinapinan iyon ng telang mantel, at pinaghainan ng bandehado ng ispageti, palabok, tsamporado, pansit, puto, at pinusuang sumang may latik. Simple lang at hindi magarbo pero sinanay ng kahingian sa panlasa ng makalangit pero makalupa pa ring boyfriend. Mga kapitbahay at kabarangay na ngayon ang kliyente pero naroon pa rin ang espesyal na resiping nakakagising pati ng kaluluwa. Hindi nila mahahalata ang pagkapuyat ni Ditse. Bumabangon kasi siya ng alas-dos ng umaga para maihanda, sa tulong ng asawa ni Bert, ang kaniyang bangkete sa bangketa. Isa siyang anghel de la guwardiya ng pamilya dela Cruz.

## Si Tagasalin

Habang nasa bituka ng Tandang Sora si Jessel, nasa maaliwalas na parke at kabahayan ng California ang isip niya. Tagasalin siya sa malinis na Filipino ng patakaran sa Alabama County tungkol sa pandemya. Habang pinapayagan doon ang mamamayan, kasama ang mga Fil-Ams, na "You may go outside to take care of pets, go on a walk, and exercise outside, so long as you do not congregate in a group and maintain at least six feet of distance between you and other people." Sa Maynila, bawal lumabas. Tapos, binabatuta ang mga maralitang tindero at tindera, itinatapon sa kalye ang panindang galunggong at nilulutlot ang mga sitaw at kamatis. Gusto ni Tagasalin na may ganito rin sana sa bayan niya: "The Health Care Services Agency holds regular calls with the homelessness provider community, offers ongoing guidance for shelter and outreach providers, and supplements hygiene efforts in encampments." Pero hindi. Ang katotohanan, hinuhuli ang mga nasa kalye at kinakalaboso kahit ang matatanda para ipatubos sa kanilang pamilyang naghihirap na nga at walang-walang kakayahang magbigay ng lagay sa may kapangyarihan. Kapag nasa peligro na sila doon, puwede silang "Call 911 or go to an emergency room if you are experiencing a medical emergency. If you need to go to the hospital, call ahead so they can prepare for your arrival. If you need to call 911, tell the 911 operator the exact symptoms you are experiencing so the ambulance provider can prepare to treat you safely." Dito sa National Lung Center, Lungsod Quezon, isasaksak ka sa napakahabang pila, poproteksiyonan oo pero sa loob sa giray na tolda habang ginigisa ng araw ngayon, at mamaya sa ulan hanggang sa malagutan ka ng hininga. Tapos, kapag handa kang tumulong doon gaya sa "Schools, soup kitchens, food banks, and other entities that provide free or reduced priced food goods or meals to students or other members of the public are encouraged to continue providing these services" puwedeng-puwede talaga. Pero dito sa pook ni Tagasalin, kapag may boluntaryong nagpapakain sa gutom at nawawala, dadakipin at kakaladkarin sa kulungan, tapos ay babansagang pulahan at terorista. Impiyerno ang sagot ng gobyerno sa pandemya. Sana ang tekstong nasa isip ni Tagasalin ay maisagawa sa naghihingalo niyang katawan at isipan, sa naghihingalo niyang bayan.